# Balitang Manmin

BILANG 184 HULYO 16, 2017


# Nagdaos ng mga Pagpupulong na may Panyong Nakapagpapapagaling sa Ulaanbaatar at Mongolia Manmin Church




Noong panahon ni Apostol Pablo, ang mga panyo at balabal na ginamit niya ay dinadala sa mga maysakit, gumagaling sila at nagsisilayas ang masasamang espiritu mula sa katawan nila (Ang Mga Gawa 19:11-12). Nangyayari din ito sa mga panyong dinalanginan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Dahil sa pamamagitan ng mga ito, naipapahayag ang mga kamangha-manghang kapangyarihan ng Diyos. Nagdadaos ng mga pagpupulong na may panyong nagpapagaling sa maraming bahagi ng mundo.

Noong Mayo 2017, nagdaos ng pagpupulong na may panyong nagpapagaling si Pastor Haengyeop Lee, nagpapastor siya sa Yeosu Manmin Church (litrato 1), sa Ulaanbaatar, pangunahing lunsod ng Mongolia. Karamihan sa mga nakatira dito ay tagasunod ng Buddhism.

Noong Mayo 19, idinaos ang kauna-unahang pagpupulong na may panyong nagpapagaling sa Ulaanbaatar Manmin Church (Misyonero Anhbayar Ganbaatar). Inihatid ni Pastor Haengyeop Lee ang mensahe na may titulong, "God the Healer" (Exodo 15:26), at ipinanalangin ang mga miyembro habang nakapatong sa mga ulo ng mga ito ang panyong makapangyarihan. Biglang nawala ang pananakit ng mga binti ni Kapatid Badamkarab, hindi siya makaupo ni makatayo dati, nakalalakad na siya ngayon ng walang tungkod. Tinanggap ni Kapatid Chejeke ang apoy ng Banal na Espiritu at nawala ang pananakit ng katawan niya. Nakaka-upo at nakakahiga na siya ngayon ng walang tulong. Maraming gumaling mula sa alta presyon, hemiplegia, at problema sa paglalakad (litrato 4 at 6).

Noong umaga ng Mayo 21, ipinangaral ni Pastor Haengyeop Lee ang mensaheng "The Law of Sowing and Reaping" mula sa 2 Mga Taga-Corinto 9:6-8 sa Ika-14 Anibersaryong Pagsamba ng Mongolia Manmin Church (Misyonero Botzorig Pureub). Kinahapunan, tinanggap ng mga miyembro ang panalangin para sa mga maysakit ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na naka-video. Pagkatapos idinalangin sila ni Pastor Lee gamit ang panyo. Maraming gumaling mula sa rayuma, nakausling buto sa gulugod, alta presyon, hemiplegia, sakit sa puso at sa baga, at hirap sa paglalakad. Bumuti ang paningin ng iba, (litrato 2, 7, hanggang 9).

Kinaumagahan, Mayo 22, nakipagpulong si Pastor Lee sa mga pastor mula sa ibang iglesya. Ibinalita niya sa kanila ang tungkol kay Dr. Jaerock Lee at sa ministeryo ng Manmin (litrato 3). Kinahapunan ng Mayo 20 at 22, pinulong at pinayuhan niya ang mga manggagawa at miyembro ng iglesya. Nagtanghal ng magagandang bilang ang Power Chorus ng Komite ng Sining ng Manmin, nakatulong ito para magbukas ng damdamin ang mga dumalo (litrato 5).

## "Ipangaral ang Ebanghelyo sa Pamamagitan ng Manmin Testimony Application!"





Nagsimula ang paggamit ng 'Manmin Testimony' noong Mayo 22, 2017. Ito ay isang klase ng application na pwedeng i-install sa cellphone at computer. Naglalaman ito ng mga patotoo mula sa mga miyembro ng Manmin na nakaranas ng pag-ibig at kapangyarihan ng Diyos.

Ang application na ito ay nakatutulong sa pagbabahagi ng makapangyarihang pagkilos ng Diyos at pangangaral ng ebanghelyo. Isinaayos ang listahan ng mga patotoo tungkol sa pagpapagaling ng Diyos sa mga tao kaya madali itong mapapakinggan at mahahanap ng mga tao. Mayroon ding kasamang mga litrato ang mga patotoo.

Maraming patotoo tungkol sa pagpapagaling sa pamamagitan ng panalangin ni Dr. Jaerock Lee ng iba't ibang klaseng karamdaman tulad ng pisikal na kahinaan, eksema at iba pang sakit sa balat, nasunog at paso, pagiging baog, autism, pagiging abnormal, myocardial infarction, cerebral hemorrhage, tb, malabong paningin, pagkabingi, harada, strabismus, nagnananang kasukasuan at balakang, tumor sa utak, epekto ng aksidente sa kotse, nalinsad na buto sa balikat, comminuted fraction, baluktot na gulugod, nakausling buto sa gulugod, vocal polyp, peritonitis, urolithiasis, at amniorhexis.

Pwedeng piliin ang mga patotoo na gustong mapakinggan, hanapin lang ang pangalan ng karamdaman o ang pangalan ng taong nagpatotoo. Mayroon ding icon para sa panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee para sa maysakit sa taas ng kanang bahagi ng screen. Pwede ninyong i-install ang application na Manmin Testimony sa Google Play Store. I-type ninyo ang "Manmin Testimony" sa search box para i-install ang application.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Ang Pusong Tapat

"Tayo'y lumapit na may tapat na puso sa lubos na katiyakan ng pananampalataya, na ang mga puso ay winisikang malinis mula sa isang masamang budhi at nahugasan ang ating katawan ng dalisay na tubig."
(Sa Mga Hebreo 10:22)

Pinatawad tayo sa mga kasalanan sa pamamagitan ng mahalagang dugo ng Panginoon, at tayo ay naging mga anak ng Diyos. Sapagkat tayo ay pinababanal ng Salita ng Diyos at pananalangin (1 Kay Timoteo 4:5). At kung ang puso natin ay malilinis mula sa masamang konsiyensya, at magkakaroon tayo ng pusong tapat na may lubos na katiyakan ng pananampalataya, tatanggapin natin ang kasagutan sa kahit na anong kahilingan natin (Sa Mga Hebreo 10:22; 1 Juan 3:21-22).

Pag-aralan natin ngayon kung paano magkakaroon ng pusong tapat na nais ng Diyos para sa atin.

### Huwag kang sinungaling

Sinasabi ng Colosas 3:9-10, "Huwag kayong magsinungaling sa isa't isa, yamang hinubad na ninyo ang dating pagkatao pati ang mga gawa nito. At kayo'y nagbihis nang bagong pagkatao, na binabago sa kaalaman ayon sa larawan ng lumalang sa kanya." Huwag tayong magsinungaling, sinasadya man o hindi.

May mga nagsasalita o nagbabalita na parang totoo ang sinasabi, hindi man lang tiniyak kung totoo. May mga naghahaka-haka o nanghuhula lang, parang totoo na ang sinasabi. May mga nangangakong gagawa ng isang bagay pero hindi magtatagal, makakalimutan na nila ito. May mga walang kabuluhang sumagot, ni walang bahid ng katotohanan.

Halimbawa, hiniling ng presidente ng grupong nagmimisyon sa isa sa mga lider na bilangin ang mga miyembrong dumalo sa pulong. Pero hindi binilang ng lider kung ilan ang mga dumalo, gumawa lang siya ng listahan. Hindi nagtagal, natuklasang hinulaan lang ng lider ang totoong bilang ng mga dumalo. Napahiya siya, kailangan pa niyang aminin na hindi niya totoong binilang ang mga dumalo. Nagdahilan pa siya, "Nakaraan na iyon." Dahil sa ginawa niya, nadagdagan ang pagsisinungaling niya.

Kung mas madalas niyang gagawin ito, hindi na mapapalagay sa kanya ang mga katrabaho niya, hindi na nila magugustuhang makipagtrabaho sa kanya kasi hindi siya masunurin. Kung magtanong ang presidente tungkol sa lider, hindi maganda ang sasabihin ng mga katrabaho niya.

"Palaging nagsisinungaling ang lider. Walang may gustong makipagtrabaho sa kanya." Totoo ba ang sinabi ng lider? Hindi, hindi niya totoong binilang ang mga dumalo.

Kaya dapat tayong manalangin na magkaroon ng pusong tapat at suriin kung mayroong kasinungalingan sa ating mga salita at gawa sa bawat oras. Kung may makita tayong kahit kaunting kasinungalingan, iwaksi natin ito sa pananalangin ng maalab.

### Huwag Pabago-bago ang Isip

Nais ng tapat na Diyos na magkaroon ng matuwid na puso ang mga anak Niya. Kung nalaman na ninyo ang katotohanan, hindi na dapat magbago ang paniniwala ninyo. Kung nakapagdesisyon na kayo na sumunod sa katotohanan, maging matatag kayo, mag-iba man ang sitwasyon.

Ang pabagubagong isipan ay ugali ng isang taong makalaman. Sa isang saglit, naluluha sila sa pagpapasalamat sa pag-ibig ng Diyos na nagbigay ng Kanyang bugtong na Anak at sa Panginoon na namatay sa krus. Pero pagkatapos ng ilang saglit, bumabalik sila sa mundo at nagkakasalang muli. Mayroon ding mga tao na lumayo sa Diyos kahit nailigtas sila sa mga nakamamatay na karamdaman o malalaking kalamidad.

Nadadama ng iba ang sakripisyong ginagawa ng pastol, nangangako silang magpapakaespirituwal at naiiyak sila sa laki ng pagpapasalamat. Nagsikap silang gawin ito, pero hindi nagtagal, tinamad sila dahil parang walang resulta sa buhay nila. Ang ibig sabihin nito hindi tapat ang puso nila.

Sinasabi ng Galacia 6:9, "At huwag tayong manghinawa sa paggawa ng mabuti, sapagkat sa takdang panahon ay mag-aani tayo, kung hindi tayo manlulupaypay." Kung mababawasan ang papalit-palit ng isipan ninyo, mas magtitiwala kayo sa pag-ibig ng Diyos at ng Panginoon at pastol na hindi nagbabago. Kung magbabago ang kalooban ninyo, ugaliin ninyong maging determinado sa napagdesisyunan ninyo.

Halimbawa, nagdesisyon kayo na manalangin ng walang patid at dumalo sa pulong panalanging Daniel tuwing gabi. Pero hindi kayo matatag, kung minsan, mahuhuli kayo, o aalis ng maaga, kung minsan hindi kayo dadalo. Kung ganito ang ginagawa ninyo, magdesisyon ulit kayo. Kapag tinamad ulit kayo, huwag kayong susuko. Daluhan ninyo ang ibang mga pagpupulong. Kung may pagbabago kayong napansin sa sarili ninyo, magsimula kayong muli. Huwag kayong hihinto. Dadating din ang panahon na matutupad ninyo ang layunin ninyong tuparin ang napagdesisyunan.

Baka nagdesisyon kayong dumalo sa isang pagpupulong, pero pagdating ng araw ng pulong, nagbago na ang isip ninyo. Inisip ninyo, "Kailangan pa ba akong pumunta doon? Wala naman akong tungkulin na gagawin doon, at marami pa akong dapat gawin." Daluhan ninyo ang pagpupulong para lang tuparin kung ano ang napagdesisyunan ninyo. Halimbawa, napagdesisyunan ninyong tumulong sa isang tao, pero nagdalawang isip kayo bago kayo magbigay ng donasyon. Habang iwinawaksi ninyo ang pagiging tuso at pabago-bago ng isipan, mas mabilis kayong magkakaroon ng pusong tapat.

### Huwag Hanapin ang Sariling Kapakanan

Sinasabi ng 1 Mga Taga-Corinto 10:23-24, "Lahat ng mga bagay ay matuwid," ngunit hindi lahat ng bagay ay makabubuti." Lahat ng mga bagay ay matuwid," ngunit hindi ang lahat ng mga bagay ay makapagpapatibay. Huwag hanapin ng sinuman ang kanyang sariling kapakanan kundi ang kapakanan ng iba."

Hindi na iniisip ng tao ang kapakanan ng ibang tao ngayon, ang nasa isip nila ay ang kapakanan nila. Kinakalimutan nila ang mga bagay na pinaniniwalaan at pinahahalagahan nila. Gumagawa din sila ng mga imoral na bagay o mga hindi makataong krimen para makuha ang pakikinabangan nila.

Tulad ng isinulat sa 2 Mga Taga-Corinto 11, ikinulong, binugbog, at maraming beses halos mamatay si Apostol Pablo habang siya ay nangangaral ng ebanghelyo. Nawasak ang barkong sinasakyan niya at nagdusa siya sa kamay ng mga kababayan niya, mga Hentil, at mga nagpapanggap na kapatid. Wala siyang tulog, gutom, uhaw, at nagdusa at nabilad siya sa maginaw na panahon. Inisip niya ang pagpapalawak ng kaharian ng Diyos kaysa sarili niyang kaginhawahan at kaligtasan. Maligaya siya sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga kaluluwa kaya niya ginagawa ito.

Kung iwawaksi ninyo ang pagiging makasarili at hahanapin ang kaluwalhatian ng Diyos tulad ni Apostol Pablo, magagalak ang Diyos at pananagutan Niya kayo. Bibiyayaan Niya kayo para makamit ninyo ang pusong tapat na may tiyak na pananampalataya at bibigyan Niya kayo ng kapangyarihan para makapagdala ng napakaraming kaluluwa sa daan patungo sa kaligtasan. Bukod dito, pagpapalain Niya kayo para tawaging dakila pagdating sa Langit.

Kaya kung hahanapin ninyo ang kaluwalhatian ng Diyos (1 Mga Taga-Corinto 10:31) at ang makakabuti sa ibang tao, magkakaroon kayo ng pusong tapat.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, hindi ninyo makakamit ang pusong tapat na walang kamalian, hindi nagbabago, at hindi naghahanap ng sariling kapakanan sa pagkilos at pagsisikap ninyo.

Makakamit ninyo ito sa pamamagitan lang ng maalab na pananalangin, pagbabasa at pag-aaral ng Salita, pagpapala at kapangyarihan ng Diyos, at tulong ng Banal na Espiritu. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na makamit nawa ninyo ang pusong tapat, magkaroon ng buong pananampalataya, para makarating kayo sa Bagong Jerusalem kung saan naroon ang trono ng Diyos.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)
"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



# Mapagpakumbabang Lingkod ng Diyos

May isang salawikain na nagsasabi, "Ang tangkay na may pinakamaraming bunga ay pinakamababa." Sinabi din ni Jesus na sinumang nagpapakumbaba ay pinakadakila sa langit (Mateo 18:4; 23:11). Malambot ang puso ng taong nagpapakumbaba, tinatanggap niya kahit sino at maraming lumalapit sa kanya. Pag-aralan natin ang tatlong aspeto ng pagpapakumbaba na kinikilala ng Diyos.

## 1 ASPETO
### Simpleng Magsalita ang Taong Mapagpakumbaba

Kapag pinupuri ninyo ang ibang tao at nagpapakumbaba kayo, kayo ay tinatawag na mapagpakumbaba. Simple lang ang pananalita ng isang taong mapagpakumbaba, may kasama din itong mga gawa. Iniisip niya na mas importante ang ibang tao kaysa sa kanya. Kaya pinaparangalan at pinapupurihan niya ang ibang tao sa tuwing magsasalita siya.

Hindi niya nilalabanan o tinatanggihan ang mga sinasabi ng ibang tao ayon sa nalalaman niya. Hindi siya sumasabat kapag may nagsasalita. Nakikinig siya kapag may nagsasalita hanggang matapos ito. At kahit sa palagay niya hindi tama ang sinasabi nito, hindi niya agad iniisip na mali ito.

Kapag sinasabihan siya tungkol sa pagkakamali niya ng isang taong mas bata sa kanya, hindi agad nasasaktan ang damdamin niya, nagpapasalamat pa siya. Inaalam niya ang mga maling ginawa niya, sinisikap niyang magbago. May puso siyang mapagpakumbaba.

Halimbawa, pinagsabihan kayo dahil nagkamali kayo. Kung sumasama ang loob ninyo at hindi kayo nagpapasalamat, at nagrereklamo kayo, mayabang kayo.

Pagsikapan nating maging kumportable ang ibang tao sa mga salita natin. Mga salitang makakapagpatatag ang sabihin natin, ibagay natin sa situwasyon para maging pagpapala ito sa makakarinig.

## 2 ASPETO
### Nagpapakumbaba at Naglilingkod ang Taong Mapagpakumbaba

Kahit may mataas na posisyon sa iglesya, ang isang taong mapagpakumbaba ay hindi umaasa na pagsisilbihan siya ng iba. Sumusunod sa halimbawang ipinakita ni Jesus ang taong mapagpakumbaba. Nagsisikap siya na maging mas masipag sa paglilingkod at pagmamahal ng mga kapatid sa pananampalataya lalo na kung mas malaki ang pananampalataya niya.

Ang Panginoong Jesus natin ay may likas ng Diyos, pero hinubad Niya ang pagka-Diyos at naging alipin. Naglingkod Siya sa lahat, kahit mga makasalanan. Nagpakita Siya ng perpektong halimbawa ng paglilingkod, hinugasan Niya ang mga paa ng mga disipulo Niya at ibinigay ang buhay Niya bilang pantubos sa lahat ng makasalanan.

Susuko ba tayo at sasabihing wala tayong magagawa dahil maraming tayong kakulangan? Ganito ba si Cristo? Hindi! Nakasulat sa Filipos 4:13 ang tungkol sa totoong mapagpakumbabang lingkod ng Diyos, "Lahat ng mga bagay ay aking magagawa sa pamamagitan Niyang nagpapalakas sa akin." Ang isang taong tulad nito ay aktibo, nangunguna siya sa mga gawain ng Diyos pero hindi niya ipinipilit sa iba na gawin ito sa paraan niya. Pinaglilingkuran at tinutulungan niya ang ibang tao na maging tapat. Tinutupad niya ang gawain ng Diyos bilang pagsunod, paglilingkod at pagmamahal para matupad niya ang gawain ng Diyos at bigyan Siya ng luwalhati.

Kapag lubos ang pagpapakumbaba at paglilingkod natin sa ibang tao, hindi natin papansinin ang mga mali at pagkukulang nila. Mauunawaan natin sila. Dahil iniisip natin na mas mahalaga ang ibang tao kaysa sa atin, mabubuting bagay lang ang matututuhan natin mula sa kanila. Kahit magkamali sila pagsasabihan natin sila nang may pagmamahal para makita nila ang pagkakamali nila.

## 3 ASPETO
### Hindi Nakakalimutang Magpasalamat sa Diyos ng Isang Taong Mapagpakumbaba

Gumawa si Apostol Pablo ng napakadakila at makapanyarihang pagkilos, napalawak niya ang kaharian ng Diyos. Pero naging mapagpakumbaba siya sa lahat ng pagkakataon. Nagpatuloy siya sa pagpapahayag ng pagpapasalamat sa Diyos at sa Panginoon.

"Subalit sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ako ay ako, at ang Kanyang biyaya na ibinigay sa akin ay hindi nawawalan ng kabuluhan. Sa halip, ako'y naglilingkod nang higit kaysa kanilang lahat, bagaman hindi ako, kundi ang biyaya ng Diyos na nasa akin" (1 Mga Taga-Corinto 15:10).

"Ako'y ipinakong kasama ni Cristo at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Cristo ang nabubuhay sa akin, at ang buhay na ikinabubuhay ko ngayon sa laman ay ikinabubuhay ko sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak ng Diyos na sa akin ay nagmahal, at nagbigay ng Kanyang sarili dahil sa akin" (Galacia 2:20).

Ang dahilan kung bakit palagi niyang ipinapahayag ang pagpapala ng Diyos sa ibang tao ay sapagkat mapagpakumbaba siya, hindi niya iniisip ang sarili niya at gusto niyang Diyos lang ang luwalhatiin. Hindi niya nakakalimutan ang dakilang pagpapala ng Panginoon na nagpatawad sa kanya kahit inusig niya ang mga mananampalataya sa Panginoon at ginawa pa siyang apostol sa mga Hentil. Parati siyang pinagpapala kaya matatag siya sa katapatan hanggang sa huling sandali ng buhay niya.

Ang mapagpakumbabang tao ay hindi nakakalimutang magpasalamat sa pagpapalang tinatanggap niya, ipinapahayag niya ito ng buong puso. Ipinapakita niya ito sa tamang panahon at pagkakataon. Hindi nawawala ang una niyang pag-ibig, nabubuhay siya nang puspos at mas dakilang pagmamahal. Ginagawa niya ang tungkulin niya at pinaglilingkuran ang lahat ng tao nang may mapagpakumbabang kalooban.

Pasalamatan natin ang pagpapala ng Diyos sa lahat ng oras at tuwing mananalangin at magpupuri tayo. Ipakita natin ang pagpapasalamat natin sa tamang panahon at pagkakataon. Mabubuhay tayo nang walang hanggan nang may pag-ibig at mga biyaya mula sa Diyos. "Bago ang pagkawasak ang puso ng tao ay palalo muna, ngunit nauuna sa karangalan ang pagpapakumbaba" (Mga Kawikaan 18:12).

# "Kamuntik na Akong Mabulag Dahil sa Impeksyon sa mga Mata pero Gumaling Ako!"



Si Kapatid Seonghyun Jeong (21 taong gulang, gitna, Misyon para sa mga Kabataan) kasama ang nanay niyang si Pastor Seongsuk Choi, Seongeun (pangalawang kapatid), Seongkyul (pinakamatandang kapatid), at ang tatay nilang si Elder Taeksu Jeong

Dinadala na ako sa iglesya mula pa noong sanggol ako. Pero pagdating ko sa middle school, nagkaroon ako ng kagustuhang maranasan ang buhay na malayo sa mga gawaing Cristiano. Noong Hunyo 2010, binigyan ako ng kaibigan ko ng contact lens na may kulay. Regalo niya sa akin ito para sa karawan ko. Isinuot ko ang mga ito. Noong Nobyembre, nagsimula akong magka-problema sa mata. Namula ang mga ito at may lumalabas na parang nana. Hindi ako makatulog, masakit ang mga mata ko.

Tumagal ang mga sintomas na naramdaman ko. Bago magtapos ang Enero 2011, tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Parang bumuti ako sa ilang mga buwan, pero umulit ang sakit sa mga mata ko, may kasama pang sakit ng ulo. Masakit sa mga mata ko ang liwanag ng ilaw, kaya hindi na kami nagbubukas ng ilaw sa bahay. Malabo ang tingin ko sa lahat ng bagay. At lumala pa ang kondisyon ko, hindi na ako makakilala ng mga tao.

Bukod dito nagkaron ako ng eksema. May dugo, sugat, at pamamaga sa mga braso at binti, leeg, at mukha ko. Araw-araw akong umiiyak, hind ako makapasok sa eskwelahan.

Sinikap hanapin o alamin ng buong pamilya kung bakit nangyayari sa akin ito. Natuklasan namin na ito ay sapagkat nagkakasala ang tatay ko sa Diyos. Sinabi sa amin ng Punong Pastor na may karamdaman ako dahil kadugtong ako ng espirituwal na kordon ng tatay ko, ako kasi ang pinakapaborito niya. Nagsisi ng lubos, ang tatay ko, at tinanggap ng buong pamilya ang panalangin ng Punong Pastor. Gumaling ang eksema ko.

Pero may problema pa din ako sa mata. Noong tag-init ng taong 2012, pumunta ako sa ospital. Sinabi ng doktor na malapit ng maapektuhan ang mga ugat ng mata ko ng mga mikrobyo. Sinabi niya na kung mangyayari ito, mabubulag ako, at kakailanganin ko ng bagong cornea dahil hindi ito nagagamot. Wala akong pananampalataya noong panahong iyon, uminom ako ng gamot. Pagkalipas ng dalawa o tatlong buwan, bumuti ang kalagayan ko.

Noong taong 2013, naging miyembro ako ng Beautiful Aroma Dance Team ng Komite ng Sining. Pagdating ng panahon ng tag-lagas, bumalik ang sintomas ng sakit ng mga mata ko. May mga problema ako sa buhay ko araw-araw. Sinabi ng nanay ko na dapat kong lutasin ang problema ko na may kinalaman sa espirituwal na buhay ko.

Nakipagpulong ako kay Pastor Heejin Lee, Tagapangulo ng Komite ng Sining. Nagdesisyon ako na tanggapin ang pagpapagaling ng Diyos. Ipinagkaloob sa Diyos ng pamilya ko ang perang para sa operasyon ng mga mata ko, at naghandog ng pangakong panalangin at isa-isa silang sunod-sunod na nag-ayuno. Sinikap naming punuin ang sukat ng katarungan para sa pagsisisi. Dahil sa impeksyon ng mga mata ko, umasa ako sa pamilya ko. Hindi ako nakakasakay sa mga bus dahil hindi ko mabasa ang numero, muntik na rin akong mabangga ng kotse, hindi rin ako makapag-gupit ng kuko. At ang labis na nagpapalungkot sa akin, hindi ako makapagsayaw kahit gustung-gusto kong magsayaw. Hindi ko maipakita ang totoong kakayahan ko sa pagsusulit para makapasok sa kolehiyo kaya pinaghintay na lang ako sa pagsusulit para sa susunod na taon.

Kahit nahirapan ako, hindi ako lumiban sa mga pagsamba, sinikap kong gawin ang tungkulin ko bilang miyembro ng Nazareth Choir at Beautiful Aroma Dance team. Hindi ako huminto sa pananalangin sa pulong panalanging Daniel para maiwaksi ko ang pagkakahilig ko sa kamunduhan.

Noong Mayo 2016, nakita ko ang Punong Pastor sa panaginip ko, kinumusta niya ang mga mata ko. Naisip ko na tatanggapin ko na ang kasagutan. Noong Mayo 26, nakamayan ko ang Punong Pastor, may pananampalataya, tiningnan ko siya sa mga mata. Magmula noon, nawala na ang pagnanana ng mga mata ko. Hindi na ako nagluluha at nagsimulang luminaw ang paningin ko.

Nagpasuri ulit ako sa ospital, nakita sa pagsusuri na wala na ang mga galos sa mga mata ko. Bumuti ang paningin ko mula 0.05/0.05 – 0.4/0.4. Hallelujah!

Nang magaling na ako, pinaghandaan ko kahit saglit lang ang pagsusulit para makapasok sa kolehiyo. Noong Marso 2017, tinanggap ako sa Korean Traditional Dance Department ng kolehiyong gusto kong pasukan. Habang nadaranasan ko ang paggaling ng mga mata ko, kinatagpo ako ng Diyos na nagbigay sa akin ng pagpapalang maging masagana ang kaluluwa. Gusto ko lalong magbago sa pamamagitan ng kapangyarihan ng muling paglikha ng pastol. Gusto kong luwalhatiin ang Diyos sa aking pagsasayaw. Nagpapasalamat ako sa Punong Pastor na nanalangin para sa akin.

# Dahil sa Bautismo ng Apoy ng Banal na Espiritu, Gumaling ang Calcinosis Ko sa Kasukasuan ng Balikat

**Kapatid Janet Dubray, 56 taong gulang, France**




Noong Pebrero 20, 2017, nakaramdam ako ng matinding pananakit sa kaliwang braso habang nagtatrabaho ako. Nang pauwi na ako, mas sumakit pa ito, ang kanang kamay ko lang ang ginamit ko sa pagmamaneho. Pagdating ng gabi, hindi ko na maigalaw ang braso ko.

Sinabi ng doktor na mayroon akong calcinosis sa kasukasuan ng kaliwang balikat. Iminungkahi niya na bantayan ko ang kondisyon nito sa loob ng ilang linggo at sumailalim sa sonogram. Sinabi pa niya na kung hindi mawawala ang pananakit, dapat akong magpaopera. Pero, pagkatapos kong malaman kung ano ang sakit ko, mas gusto kong gumaling sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos.

Nang sumunod na gabi, dumalo ako sa espesyal na pulong panalanging Daniel ng Manmin Central Church sa GCN, pinagsisihan ko ang mga kasalanan ko noon. Natanto ko na kulang ako sa pag-unawa at nanghuhusga ako. Napaiyak ako sa pagsisisi, maalab ang panalangin ko na sunugin ang lahat ng problema ko ng apoy ng Banal na Espiritu.

Noong sumunod na pulong panalangin, idinalangin ko rin na tanggapin ko ang bautismo ng Banal na Espiritu. Nag-init ang katawan ko, nagpawis ako. Lahat ng pananakit ay nawala at naigalaw ko na ang kaliwang braso ko ng kaunti.

Tinanggap ko ang apoy ng Banal na Espiritu pagdating ng sumunod na pulong. Pagkatapos, naigagalaw ko na nang walang problema ang braso ko, walang pananakit. Hallelujah!




Sa X-ray, may pamumuo ng calcium sa may buto, pero pagkatapos tanggapin ang bautismo ng Banal na Espiritu lumaya siya mula sa pananakit at naigagalaw na ng walang problema ang braso.

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714